8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 2

Aralin

2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 1: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Shaina Bianca J. Gerente

**Tagasuri:**
- Noel A. Ybañez

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| I. **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pagunawa sa mga pagsubok sa pamilya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga wastong pagtugon sa mga nararanasang pagsubok sa pamilyang kinabibilangan upang malinang ang pagiging matatag. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagiging matatag sa pamamagitan ng pagtataglay ng positibong pananaw sa buhay at pagtulong sa sarili na malampasan ang mga pinagdaraanang pagsubok<br>A. Natutukoy ang mga pagsubok sa pamilya<br>B. Napatutunayan na ang mga pagsubok sa pamilya ay kailangang unawain at matanggap upang magsilbing inspirasyon at gabay sa hinaharap<br>C. Nakapaglalapat ng mga wastong pagtugon sa mga nararanasang pagsubok sa pamilyang kinabibilangan |
| **D. Nilalaman** | Mga Pagsubok sa Pamilya |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga(Values to be Developed)** | Matatag (Resilience) |
| **F. Integrasyon** | |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


*Ang Bayan » child labor, tumitindi Sa Pilipinas. (2023, March 12).* PRWC | Philippine Revolution Web Central. Retrieved May 5, 2024, from https://philippinerevolution.nu/angbayan/child-labor-tumitindi-sa-pilipinas/

*Freddie Aguilar – Anak.* (n.d.). Genius. https://genius.com/Freddie-aguilar-anak-lyrics

*Komong paniniwala ng mga Pilipino at Tsino: matatag at maligayang pamilya, pundasyon ng maunlad na bansa* [Photograph]. (2020). Cri online. Retrieve from https://p4crires.cri.cn/yafei/p2/M00/07/39/rBABC191hLaARPPdAAAAAAAAAA496.1024x512.jpg

Punsalan, T. G., Gonzales, C. C., Marte, N. C., & Nicolas, M. D. (2019). Ako at Ang Ibang Tao, Kapwa-Tao. In *Paano Magpakatao 8* (1st ed., pp. 23-27, 109-125). REX Bookstore.

Rosillo, G., & Cortes, M. (2020). *Edukasyon sa Pagpapakatao Unang Markahan – Modyul 6: Banta sa Pamilyang Pilipino*. https://asnhs.net/. https://asnhs.net/images/modules/grade8/EdukasyonsaPagpapakatao/PDF/esp8_q1_mod6_Banta%20sa%20Pamilyang%20Pilipino_FINAL08082020.pdf

Viva Records. (2015, February 28). *Freddie Aguilar — Anak [Official lyric video with chords]* [Video]. YouTube. https://youtu.be/ibmh64itn1M?feature=shared


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr>
<td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td>
<td>
UNANG ARAW<br>
1. Maikling Balik-aral<br>
PAGSUSURI NG LARAWAN<br>
Panuto: Suriing mabuti ang larawan at sagutin ang mga sumusunod na katanungan.<br>

<br>
1. Base sa ipinapakita ng larawan at sa naging huling talakayan, ano ang kahalagahan ng tungkulin ng mga magulang sa pagbibigay ng edukasyon sa kanilang anak?<br>
2. Ano ang mga banta sa pamilya sa pagbibigay ng maayos na edukasyon ang ipinakita sa larawan?<br>
3. Ano ang magiging epekto sa sarili kung mapagtatagumpayan ang mga bantang nakikita sa larawan?
</td>
<td>Maaaring magtawag ang guro ng ilang mag-aaral upang sagutin ang mga katanungan. Gawin ang gawain sa loob ng 4 na minuto.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Gawain: 1 Pamagat:Pagsusuri ng Suliranin! (7 Minuto)<br><br>2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>HANAP-SALITA<br>Panuto: Punan ang patalang sa talata upang mabuo ang diwa nito. Hanapin ang angkop na salita sa loob ng kahon.<br><br>Pagsubok    Banta    Matatag<br>Pagtugon    Pamilya<br><br>Maraming ____________________ ang kinakaharap ng bawat ____________ sa kasalukuyang panahon. Ang mga _____________ na ito ang nagpapahina sa isang pamilyang ______________ at nagiging dahilan ng unti-unting pagkawasak nito. Nararapat na suriin kung paano sinisira ng mga problemang ito ang kaayusan ng pamilyang Pilipino upang maging epektibo ang _____________ sa mga ito.</td>
<td>Gawain 1: Tingnan ang sagutang papel para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.<br><br>I-download ng guro ang video at ipapanood sa mga mag-aaral. Pagkatapos ay ipasagot ang mga katanungan. Magkaroon din ng pagbabahagian ng kanilang mga sagot.<br><br>LINK:<br>https://youtu.be/Qsia66FEUzQ?si=q5UOOOviXdF6i5NO<br><br>Gawin ang gawain sa loob ng 7 minuto.<br><br>Para sa alternatibong gawain kung sakaling hindi gumana ang bidyo o walang internet ang bata.Tapusin ang gawain sa loob ng 3 minuto.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>Kaugnay na Paksa 1: <u>Kahalagahan sa Pag-unawa at Pagtanggap sa mga Pagsubok sa Pamilya</u><br>1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>Maraming hamon ang kinahaharap ng pamilyang Pilipino sa kasalukuyang panahon. Ang mga hamong ito ay nagpapahina sa katatagan ng pamilya at nagiging dahilan ng unti-unting pagkawasak nito. Nararapat na suriin kung paano sinisira ng mga problemang ito ang kaayusan ng pamilyang Pilipino , lalo na ang pagbubuklod at pagmamahalan ng bawat miyembro nito. Mahalagang magkaroon ka bilang kabataan ng kahandaan sa pagharap at paglutas sa mga problema at isyung nakaaapekto sa pamilya. Makagagawa ka rin ng mga hakbang</td>
<td>Talakayin ang Kauganayang Paksa 1 sa loob ng 25 minuto.</td>
</tr>
</table>

upang mapagtagumpayan ang krisis na maaaring maranasan ng kinabibilangang pamilya.

*Ano-ano nga ba ang hamong kinakaharap ngayon ng pamilyang Pilipino?*

Narito ang ilan sa mga hamong ito:

**1. Mga pagbabago sa pagpapahalaga ng mga kabataan**

Isang pananaliksik ang ginawa ni MacCann Erikson noong 2006 tungkol sa mga kabataaang Pilipino na hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na lumalarawan sa mga pagbabago ng pamilyang Pilipino. Sa pag-aaral na ito ay naipakita na ang mga pangunahing kinalabasan ng survey ay may kinalaman sa mga pangunahing hamon sa katatagan ng pamilyang Pilipino. Ang mga hamong ito ay ang mga sumusunod.

a. Lumaki ang kawilihan, panahon, at paggasta kaugnay sa teknolohiya. Lumaki ang porsyento ng mga kabataan na nawiwili at gumagamit ng teknolohiya tulad ng *cellphone* at *internet*. Bilang resulta, nabawasan ang panahon ng mga bata sa *sports* or mga pisikal na aktibidad. Kasabay nito nangunguna sa kanilang pinagkakagastahan ang paggasta sa *internet cafe, prepaid phone cards, o postpaid cell phone.*

b. Bumuti ang pagtingin sa pag aaral bilang paraan ng pag-angat sa buhay, ngunit malaki pa rin ang porsyento ng mga kabataang hindi seryoso sa kanilang pag-aaral.

c. Praktikal ang kanilang pag-iisip ngunit itinuturing nila na ang pagtatrabaho sa ibang bansa ang katuparan ng kanilang pangarap.

d. Hindi malayo ang pagkakawatak-watak ng pamilya, halos kalahati sa mga kabataan ay wala ang isa o parehong magulang na nagreresulta rin sa dumaraming mga kabataang umaalis mula sa kanilang pamilya o teen migration na kadalasan ay dahil sa pag-aaral.

e. Sa pagdaan ng panahon, ang kanilang moral na pagpapahalaga ay hindi bumubuti at lalo pang lumalala sa ilang gawain tulad ng paggamit ng droga, karahasan, pagkitil ng sariling buhay, pakikiapid, at iba pa.

**2. Ang liberal na oryentasyon na pagsasama o pag-aasawa at pagpapamilya.**

Sa kasalukuyan, parami nang parami ang pagnanais na magsama na lamang ng walang kasal o pananagutan ng pag-aasawa o ang tinatawag na *live-in.*

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Pagkakaroon ng isang magulang lamang.** Ito ang mabilis na lumalaganap ngayon sa ating bansa sa kadahilanan ng paghihiwalay ng mag-asawa, pag-abandona sa anak, pag-aanak sa labas, pag-aasawa nang maaga, at pagtatrabaho sa ibang bansa.<br><br>**4. Paglaganap ng mga watak na pamilya (*broken families*).** Ang kawalan ng mga pagpapahalaga tulad ng pagsasakripisyo, pagpaparaya, malalim na pag-unawa, at pagpapatawad ay nagtutulak sa mga mag-asawa na maghiwalay. Bilang resulta, maraming anak ang napapariwara dahil sa kawalan ng sapat at tamang pagsubaybay.<br><br>**5. Karalitaan.** Ito ang pangunahing ugat ng mga suliraning kinakaharap nito. Ang karalitaan ay dahilan ng pagkakaroon ng *child labor*, prostitusyon, pagtutulak ng ipinagbabawal na gamot, at iba pang masamang epekto nito.<br><br>**6. Impluwensya ng *media* at teknolohiya.** Malaya at madali ang paggamit nito sa tahanan, ngunit marami sa mga nakikita rito ay may temang karahasan, kalaswaan, at pagkamateryoso na nagdudulot ng mga maling pagpapahalaga at pananaw sa buhay.<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain: 2 Pamagat: Pagsusuri ng Artikulo! (15 Minuto)**<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain: 3 Pamagat: Sampayan ng Karunungan (15 Minuto )**<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 2: <u>Paglalapat ng mga Wastong Tugon sa mga Nararanasang Pagsubok sa Pamilyang Kinabibilangan</u>**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa** | **Gawain 2:** Tingnan ang sagutang papel para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.<br>Magkaroon muna ng maikling balik aral tungkol sa mga banta sa pamilya. Pagkatapos ay gawin ang gawain. Tapusin ito 15 sa loob ng q Minuto.<br>Pagkatapos ay magkaroon ang pagbabahagian sa klase saloob ng 10 minuto. |

| | | |
|---|---|---|
| | Tunay na mahalagang makabuo ng mga tiyak na hakbang ang pamilyang Pilipino upang mapaglabanan ang mga hamong kinakaharap nito. Dapat na mapanatili ang kaniyang pagiging matatag at magkaroon ng mapayapang pakikipag ugnayan upang magkaroon ang kasapi ng isang mabuti at moral na pamumuhay.<br>Ayon kay Arch. Angel Lagdameo, isang obispo na nagtataguyod ng katatagan ng pamilya, upang hadlangan ang paglaganap ng mga salik na nakasisira sa katatagan ng pamilyang Pilipino, kailangan ang sama-samang pagsisikap ng lahat ng kasapi ng pamilya upang mapanatili ang katatagan nito. Narito ang ilang hakbang upang mapagtagumpayan ng pamilya ang mga suliraning kinakaharap nito (Punsalan, T. G., Gonzales, C. C., Marte, N. C., & Nicolas, M. D., 2019):<br><br>1. Muling pagtibayin ang buhay pampamilya batay sa diwa ng pananampalataya sa Diyos.<br>2. Paglaanan ang materyal, pangkabuhayan, biyolohikal, kultural, at espiritwal na mga pangangailangang pampamilya.<br>3. Pag-ibayuhin at pagtibayin ang paninindigan na ang asal ay mahalaga para sa isang sagradong pagsasama.<br>4. Maituro ang tamang paghahanda sa pag-aasawa upang magampanan ang mga tungkulin at pananagutan tungo sa responsableng pagmamagulang.<br>5. Masiguro na ang tahanan ay itinuturing na mahalaga at bukal na pinagmumulan ng kaligayahan ng bawat kasapi ng pamilya.<br>6. Magkaroon ng matibay at malakas na pagsalungat sa mga imoral na pelikula palabas gayundin sa lahat ng uri ng pornograpiya upang makaiwas sa tukso, pagnanasa, at kasamaan na patuloy na sumisira sa ugnayan ng pamilya at ng mga miyembro nito.<br>7. Kilalanin at tugunan ang mga espiritwal na pangangailangan ng bawat miyembro ng pamilya upang makapamuhay nang matuwid ayon sa turo ng simbahan o relihiyong kinabibilangan.<br>8. Maitaguyod at maipahayag ang kahalagahan ng pamilya sa lipunan sa pamamagitan ng pakikiisa sa mga pag-aaral, kapulungan, lathalain, at organisasyon na naghahangad sa pagpapaunlad ng pangkatawan at pangkabuhayang kapakanan ng pamilya. | **Gawain 3:** Tingnan ang sagutang papel para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.<br>Ipaliwanag ng guro ang panuto.<br>Gawin ang gawain sa loob ng 15 minuto.<br><br>Talakayin ang kaugnayang paksa 2 sa loob ng 25 minuto.<br><br>Gawin ang gawain sa loob ng 15 minuto. |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain: 4 Pamagat: Alalahanin Mo! (10 Minuto )**<br><br>**IKAAPAT ARAW**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**PAGTUGON SA PROBLEMA**<br>**Panuto:** Suriin ang mga sitwasyon sa ibaba at subuking tukuyin kung ano ang mga wastong tugon na maaaring gawin ng isang pamilya sa mga sitwasyong ito base sa naging talakayan. | Gawain 4: Tingnan ang sagutang papel para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.<br>Magkaroon ng maikling pagbabaliktanaw bago simulan ang gawain. Ito ay tapusin sa loob ng 15 minuto. |

| SITWASYON | TUGON |
|---|---|
| **1.** Si Juanito, isang dating masayahin at magalang na bata, ay unti-unti naging agresibo at hindi na marunong rumespeto sa mga nakakasalamuha niya Nalaman ng kaniyang mga magulang na halos lahat sa mga napapanood at nilalaro niyang *online games* ay puno ng karahasan. | |
| **2.** Si Maria ay hindi gaanong naaasikaso ng kanyang mga magulang dahil sa kanilang trabaho. Dahil dito, mas pinipili ni Maria ang makipaglaro sa kaniyang mga kaibigan kaysa pumasok sa paaralan at mag-aral. Dahil sa kanyang kawalan ng presensya sa klase, napapansin ng guro ang kanyang mababang marka at kawalan ng pagiging handa sa mga asignatura. | |
| **3.** Si Ana at Miguel, matagal nang mag-asawa, ay napag-usapan ang planong paghihiwalay dahil sa hindi | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>pagkakaunawaan. Dahil dito napapansin nila ang unti- unting paglayo sa kanila ng kanilang anak at pagiging malungkot nito.</td><td></td></tr>
</table>
<br>
Mga Tanong:<br>
1. Bakit mahalaga na magkaroon ng wastong hakbang sa pagtugon sa mga sitwasyong ito?<br>
2. Ang mga ito ba ay inyong isinasagawa sa totoong buhay? Ipaliwanag ang sagot?<br>
3. Sa iyong palagay, ano kaya ang maaaring mangyari kung hindi matutugunan ang mga problemang ito ng isang pamilya?<br>
4. Anong papel ang ginagampanan ng bawat kasapi ng pamilya sa pagtugon sa mga problemang ito?
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>
1. Pabaong Pagkatuto<br>
Panuto: Sagutin ang mga tanong sa ibaba.<br>
<br>
Mga tanong:<br>
1. Paano mo mailalarawan ang isang masaya, matatag, at buong pamilya?<br>
<br>
https://www.rawpixel.com/image/6535343/png-christmas-sticker
</td>
<td>Gawin ang gawain sa loob ng 5 minuto.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Sa iyong palagay, paano napapanatiling masaya, matatag, at buo ang isang pamilya?<br>3. Bakit mahalaga na mapanatiling masaya, matatag, at buo ang isang pamilya?<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**3, 2, 1 *Exit Ticket***<br>**Panuto:** Punan ang hinihingi ng bawat ka<br><br>3 Bagay na Natutuhan / 2 Bagay na Nakakuha ng iyong interest. / 1 Katanungan na Mayroon ka | Tapusin ang gawain sa loob ng 5 minuto. |

| 3 Bagay na Natutuhan | 2 Bagay na Nakakuha ng iyong interest. | 1 Katanungan na Mayroon ka |
|---|---|---|
| | | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pangungusap at ipahayag ang iyong pag-unawa rito sa pamamagitan ng pagbuo ng maikling sanaysay. Maaaring magbigay ng paliwanag, halimbawa, at sariling opinyon. | Tapusin ang pagsusulit sa loob ng 15 minuto. |

1-3. Ang paghihiwalay ng mga magulang ay nagdudulot ng mga hindi kanais-nais na epekto sa mga anak.
4-6. Ang karalitaan ay hindi dapat maging hadlang sa pagkakabuklod ng pamilya.
7-10. Ang pagkakaroon ng seksuwal na relasyon bago ikasal ay hindi moral at lihis sa turo ng simbahan kahit pa ito ay tanggap ng lipunan.

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**
**ANONG MASASABI MO?**
**Panuto:** Mag survey sa magulang, tagapangalaga, o kasapi ng pamilya kung ano ang mga nakikita nilang epekto ng mga problema o bantang kinakaharap ng pamilyang Pilipino at tukuyin kung paano nila natutugunan o nasosolusyonan ang mga banta o problema sa inyong pamilya.

| MGA BANTA O PROBLEMA NG PAMILYA | MASAMANG DULOT SA PAMILYA | DAPAT GAWIN UPANG MAPANATILI ANG KATATAGAN NG PAMILYA |
|---|---|---|
| 1. Pagbabago sa pagpapahalaga ng mga kabataan | | |
| 2. Pagkakaroon ng liberal na oryentasyon na pagsasama o pag-aasawa at pagpapamilya. | | |
| 3. Pagkakaroon ng isang magulang lamang. | | |
| 4. Paglaganap ng mga watak na pamilya (broken families). | | |
| 5. Karalitaan | | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">
<table>
<tr><td>6. Impluwensya ng media at teknolohiya.</td><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>
_______________________________________________<br>
Lagda ng magulang, tagapangalaga o kasapi ng pamilya<br>
<br>
Mga Tanong:<br>
1. Paano napatanuyan ng kasagutan ng iyong mga magulang, tagapangalaga, o miyembro ng iyong pamilya ang kahalagahan ng paglutas ng problema ng pamilya?<br>
2. Sa iyong palagay, paano nito mapapatatag ang iyong pamilya?
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |